# Pinabilis na Proseso ng Paglilisensya para sa mga Refugee, Asylee, at may hawak ng mga Special Immigrant Visa

Pinoprotektahan at pinaglilingkuran ng Department of Consumer Affairs (DCA, Kagawaran para sa mga Gawaing Pangkonsumidor) at ng mga lupon at kawanihan nito ang mga konsumidor ng California sa pamamagitan ng paglilisensya at regulasyon sa mga lisensyado sa iba't ibang propesyon at trabaho mula sa accountant hanggang sa doktor, security guard hanggang sa kontratista, tagapamahala ng sementeryo hanggang sa beterinaryo, at marami pa.

Mula noong Enero 1, 2021, maaaring mapabilis ng mga indibidwal sa mga sumusunod na kategorya ang kanilang mga aplikasyon sa pamamagitan ng lupon o kawanihan ng DCA para sa kanilang propesyon:

- Mga refugee alinsunod sa seksyon 1157 ng titulo 8 ng United States Code (Kodigo ng Estados Unidos).
- Mga ginawaran ng asylum ng kalihim ng U.S. Department of Homeland Security (Kagawaran ng Pambansang Seguridad ng U.S.) o ng attorney general (pangkalahatang abogado) ng Estados Unidos alinsunod sa seksyon 1158 ng titulo 8 United States Code.
- Mga indibidwal na may special immigrant visa na ginawaran ng status alinsunod sa seksyon 1244 ng Public Law (Pampublikong Batas)110-181, Public Law 109-163, o seksyon 602(b) ng titulo VI ng dibisyon F ng Public Law 111-8.

Upang maisaalang-alang para sa pinabilis na paglilisensya, kailangang magbigay ang mga aplikante ng katibayan ng kanilang status ng pagiging refugee, asylee, o special immigrant visa kapag isinumite nila ang kanilang application package. Kabilang sa mga halimbawa ng dokumentasyon ang:

- Form I-94, Rekord ng Pagdating/Pag-alis, na may class code sa pagpasok gaya ng “RE” (Refugee), “AY” (Asylee), o iba pang impormasyong itinatalaga ang indibidwal ng katayuang refugee o asylee.
- Special immigrant visa na kinabibilangan ng mga code ng klasipikasyon na “SI” o “SQ.”
- Permanent Resident Card (Form I-551), na karaniwang kilala bilang “green card,” na may itinalagang kategoryang nagsasaad na ang indibidwal ay pinapasok bilang isang refugee o asylee.
- Isang utos mula sa hukuman ng may kakayahang hurisdiksyon o iba pang nakadokumentong ebidensyang nagbibigay ng makatwirang katiyakan na kuwalipikado ang aplikante sa pinabilis na paglilisensya.

Ang hindi pagbibigay ng dokumentasyon ay maaaring magresulta sa pagkaantala sa pagpapabilis ng pagsusuri ng aplikasyon. Mangyaring tandaan na ang proseso ng pinabilis na paglilisensya ay hindi nangangahulugang kailangang ma-isyu ang lisensya o rehistrasyon; sa halip, ito ay nangangahulugang pabibilisin ang proseso.

**Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa lupon o kawanihang naglilisensya para sa propesyon, mag-email sa refugee@dca.ca.gov, o bisitahin ang webpage para sa pinabilis na paglilisensya ng DCA. Kung kailangan mo ng tulong sa wikang maliban sa Ingles, makakakuha ng mga serbisyong tulong sa wika nang walang bayad: Tumawag sa DCA nang walang bayad sa (833) 498-2006.**

*Tumutulong ang Refugee Resettlement Program (Programa ng Paninirahan ng Refugee sa California) ng California Department of Social Services (CDSS, Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California) sa mga karapat-dapat na refugee, asylee, may hawak ng special immigrant visa, at iba pang mga karapat-dapat na indibidwal na manirahan sa California. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa ng CDSS, bisitahin ang* ***www.cdss.ca.gov/refugee-services****.*